REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

# KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-031

**KAUTUSAN NA NAGTATADHANA NG ALITUNTUNIN SA PAGHAHAKOT AT PAGLILIPAT (PAGLALABAS) NG NAHUHUKAY NA LUPA (EXCAVATED MATERIALS) SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT PAGTATAKDA NG PARUSA SA PAGLABAG NITO.**

**************************************************************************

Ipinanukala ni:
**KGG. BAL NIEFES**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. RAUL R. CORRO**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. ELMER S. ESPELETA**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** maraming lugar sa *Lungsod ng Muntinlupa* ang mabababa at binabaha;

**SAPAGKAT,** sa mga isinagawa at isinasagawang pagko-convert ng mga dating *sakahan* patungong *industriyal, komersiyal at residensiyal* ay lalong dumami ang mga lugar na tinitigilan at nilulubugan ng tubig;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, marami ng lugar ang tinatayuan ng mga naglalakihang istruktura ***(gusali)*** at sa paglalagay nito, malaking **"volume"** ng lupa ***(earth materials)*** ang nahuhukay ***(excavated)***, nahahakot at nadadala sa ibang lugar na hindi sakop ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** mayroong pangangailangan na maipagsanggalang ang naninirahan sa lungsod at kapaligiran nito sa mapanirang gawang-tao at likas na malalaking kapahamakan ***(manmade and natural disasters)***;

**SAPAGKAT,** upang maitaas ang pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan ng lungsod, kinakailangan ang pagtatadhana ng mga alituntunin na gagabay sa paghahakot, pagdadala at paglilipat ng mga nahuhukay na lupa sa loob at labas ng Muntinlupa ayon sa itinatadhana ng **Seksiyon 16, 17, at 447** ng **Batas Republika Blg. 7160;**

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng *Sangguniang Panlungsod* ang sumusunod:

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 2*
*Kautusang Panlungsod Blg. 99-031*

*Seksiyon 1.* Walang lupang nahukay *(excavated materials)*, sa mga itinatayong istraktura *(gusali)*, sa lalim na hihigit sa tatlong *(3) metro*, sa Lungsod ng Muntinlupa ang maaaring hakutin papalabas ng Lungsod hangga't ang mga mabababang lugar at nilulubugan ng tubig ay hindi natatambakan.

*Seksiyon 2.* Lahat ng ***"Excavation Permit"*** na kukunin para sa lalim na hihigit sa tatlong (3) metro, matapos ipagkaloob ng ***"Building Official,"*** ay dapat dumaan sa **Panlungsod na Inhinyero,** para sa kaukulang pagpapatibay.

*Seksiyon 3.* **Karagdagang Dokumento sa Pagkuha ng "Excavation Permit."**_ Ang mga sumusunod na dokumento ay isusumite sa ***Tanggapan ng "Building Official"*** bago pagkalooban ng **"Excavation Permit":**

a. Sinumpaang Salaysay ***(Affidavit)*** na ang mahuhukay na lupa ay hindi ilalabas ng Muntinlupa.

b. Numero ng Plaka ng Truck na hahakot.

*Seksiyon 4.* ***Kahulugan ng mga salita.***_ Kapag ang mga salita ay nabanggit sa kautusang ito ay mangangahulugan ng sumusunod:

a. ***General Contractor*** - kontratista na nakakuha ng kontrata sa pagpapatayo ng gusali.

b. ***Sub-Contractor*** - kontratista na nakuha ng "***General Contractor***" upang mangasiwa sa ***"Excavation"*** ng lupa sa pagtatayuan ng gusali.

c. ***Hauler*** - maaaring ang "***sub-contractor***" mismo o sinumang tao na may sasakyang panghakot na kinuha ng ***"sub-contractor"*** upang siyang humakot ng makukuhang "***Excavated Materials.***"

d. ***Authorized Hauler*** - alinmang kumpanya o tao na nagmamay-ari ng sasakyang panghakot ng lupa na na-hire ng "***sub-contractor.***"

*Seksiyon 5.* Lahat ng truck na hahakot ***(hauler)*** ay lalagyan ng **"STICKER"** na magpapakilala na ito ang ***"authorized hauler"*** ng *"sub-contractor"* sa isang itatayong gusali.

*Seksiyon 6.* Kapag ang mga mabababang lugar na pag-aari ng Pamahalaang Lungsod ay napataasan na, at wala namang pribadong tao na may pag-aari na nangangailangan ng pagpapatambak ang nagnanais na bumayad sa **"Hauler,"** ang mga lupang mahuhukay ay maaaring ilabas ng lungsod, matapos mabigyan ng pagpapatunay ***(certification)*** ng **Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero.**

*Pahina 3*
***Kautusang Panlungsod Blg. 99-031***

*Seksiyon 7.* Sinuman na lumabag sa itinatadhana ng kautusang ito ay papatawan ng parusa ayon sa sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
| a. | ***Unang Paglabag*** | - | P1,000.00 multa sa bawat truck ng isang sub-contractor o hauler ng sub-contractor na mahuhuling lumalabag. |
| b. | ***Ikalawang Paglabag*** | - | P2,000.00 multa sa bawat truck ng isang sub-contractor o hauler ng sub-contractor na mahuhuling lumalabag. |
| k. | ***Ikatlong Paglabag*** | - | P3,000.00 multa at pagkansela ng ***"Excavation Permit."*** |

*Seksiyon 8.* Ang *Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero* ay inaatasan na bumalangkas ng mga pamamaraan na magpapatupad sa kautusang ito.

*Seksiyon 9.* Ang kautusang ito ay magkakabisa ***sampung* (10) *araw*** matapos maipaskil sa mga hayag na lugar sa Pamahalaang Lungsod at mailathala sa pahayagan na may malawakang sirkulasyon.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **9 Hunyo 1999**, sa ginanap na ika-**42 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

*Mggl.* **RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

*Mggl.* **JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *Jr.***
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**MARIO E. BULAY, Jr.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN** ko, ang katumpakan ng Kapasiyahang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUGNSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, *Jr.***
*Punong Panghapagang Mayorya*
*Pansamantalang Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa:__________

*Nory*